



Australian Government

Workforce Australia

Self-Employment
(Pagtatrabaho para sa Sarili)

Pagtulong sa mga tao na magsimula at magpatakbo ng maliit na negosyo

Self-Employment Assistance (Tulong sa Pagtatrabaho para sa Sarili)

Maaari kang tulungan ng Self-Employment Assistance para magsimula at magpatakbo ng maliit na negosyo

Maaari kang tulungan ng Self-Employment Assistance na:

- pag-isipang magtrabaho para sa sarili
- magpasya tungkol sa uri ng negosyo at tingnan kung gagana ito
- bumuo ng plano para sa negosyo
- simulan at patakbuin ang negosyo, o
- iakma ang sarili mong negosyo upang manatili itong maisasagawa.



Ang iniaalok ng Self-Employment Assistance

Ang Self-Employment Assistance ay nag-aalok ng 6 na libreng mga serbisyo. Maaari mong gawin ang lahat ng mga ito o piliin lamang ang mga gusto mong gawin.

Ang mga Exploring Self-Employment Workshop (Pag-aralan ang Self-Employment na Workshop)

ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa pagtatrabaho para sa sarili, at pagkatapos ay tutulungan kang bumuo at sumubok ng mga idea tungkol sa negosyo.

Ang mga workshop na ito ay karaniwang may 5 sesyon na inihahatid sa loob ng isa o dalawang linggo. Ang mga workshop ay dapat makatulong sa iyo sa paggawa ng may-kaalamang desisyon kung gusto mong ipagpatuloy ang self-employment.

Ang Small Business Training (Pagsasanay tungkol sa Maliit na Negosyo) ay nagbibigay sa iyo ng mga kasanayang kailangan mo para magsimula at magpatakbo ng maliit na negosyo. Maaari kang makakuha ng akreditadong pagsasanay at piliing gawin ang mas maikling skillset o ang mas mahabang Certificate III o IV sa Entrepreneurship at New Business.

Ang Business Plan Development (Pagbuo ng Plano ng Negosyo) ay maaaring makatulong sa iyo na maghanda ng isang maisasagawang plano ng negosyo para matulungang magtagumpay ang iyong negosyo. Ang isang komprehensibong plano ng negosyo ay tutulong sa iyo na matukoy ang mgaistratehiya para sa tagumpay at mabibigyan ng estimasyon ang cash flow ng iyong negosyo sa loob ng 2 taon sa hinaharap. Sa gayon, matatasa ng iyong tagapagbigay ng Self-Employment Assistance ang iyong plano ng negosyo at makakapagbigay ng independiyenteng komento tungkol sa probabilidad na maisasagawa ang iyong negosyo. Ang mga

Business Advice Session (Sesyon ng Payo sa Negosyo) ay maaaring mag-alok ng tinarget na payo kaugnay sa ideya ng iyong negosyo o kasalukuyang negosyo. Bawat sesyon ay inihahatid sa loob ng isang oras, at ikaw ay maaaring makakuha ng maximum na 2 sesyon sa isang taon.

Ang mga Business Health Check (Pagtingin sa Kalusugan ng Negosyo) ay makakatulong sa mga may-ari ng negosyo na tasahin ang pagtakbo ng kasalukuyan nilang negosyo upang makahanap ng mga paraan upang mapabuti ang pagsasagawa nito.

Ang Business Health Check ay inihahatid sa loob ng 3 oras na sesyong pang-isahan, at maaari kang makakuha ng isang Business Health Check kada taon.

Ang Small Business Coaching (Pag-Coach ng Maliit na Negosyo) ay nagbibigay ng pagtuturo ng negosyo nang hanggang 12 buwan. Sa loob ng isang taon, ikaw ay maiiugnay sa isang tagapagturo ng negosyo na laging makikipag-ugnay sa iyo para bigyan ka ng patnubay, coaching at iba pang pang-negosyong suporta.

Ikaw ay maaaring makatanggap ng \$300 na balik-bayad para tulungan ka sa iyong mga marapat na gastusin sa negosyo (kagaya ng seguro ng negosyo). Kung ikaw ay marapat, maaari ka ring makatanggap ng Self-Employment Allowance nang hanggang 39 na linggo at Self-Employment Rental Assistance nang hanggang 26 na linggo.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyonang ito, bisitahin ang www.workforceaustralia.gov.au/individuals/training/activities/self-employment-assistance.

Sino ang maaaring makakuha ng Self-Employment Assistance

Upang maging marapat na makakuha ng Self-Employment Assistance, ikaw ay dapat:

- maging 15 taong gulang man lamang (tandaan na ang isang tao ay dapat maging 18 taong gulang upang makakuha ng Small Business Coaching)
- maging:
 - isang mamamayan ng Australya, o
 - may hawak na permanent visa, o nominated Visa Holder (kabilang ang New Zealand Special Category Visa, Temporary Protection Visa Holder at Safe Haven Visa Holder)

- hindi isang bankrupt (bangkarote) na may utang pa
- tumutugon sa anumang mga karagdagang pamantayan na partikular sa (mga) Serbiyo na kanilang pinili, kabilang ang anumang mga pamantayan sa Chapter para sa nauugnay na Serbisyo.

Kung ikaw ay isa nang self-employed o mayroong ideya tungkol sa isang negosyo, ang iyong tagapagbigay ng Self-Employment Assistance ay tutulong sa iyo na tasahin kung marapat ang iyong negosyo o ideya ng negosyo.

Paano makakahanap ng tagapagbigay

Maaari kang makahanap ng listahan ng mga tagapagbigay sa website ng Workforce Australia sa www.workforceaustralia.gov.au/individuals/coaching/providers.



Para sa karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Self-Employment Assistance, bisitahin ang www.workforceaustralia.gov.au/individuals/coaching/starting-business.

O kaya naman, maaari mong tawagan ang Department of Employment and Workplace Relations National Customer Service Line sa **1800 805 260**.

Iba pang mga mapagkukunan upang tulungan ang mga maliliit na negosyo

- Ang **SelfStart** online hub ay nagbibigay ng impormasyon upang gabayan ang mga tao sa mga unang yugto ng pagsisimula ng negosyo. Alamin ang higit pa tungkol sa SelfStart sa website ng Workforce Australia sa www.workforceaustralia.gov.au/individuals/coaching/starting-business/guides.
- Ang **Starting a Business Guide (Gabay sa Pagsisimula ng Negosyo)** ay isang hakbang-kada-hakbang na tool na tumutulong sa mga bagong may-ari ng negosyo upang maunawaan ang mangyayari kapag nagsisimula ng negosyo. Makukuha mo ito sa business.gov.au/Guide/Starting.

Kung kailangan mo ng tulong sa impormasyong ito

Kung kailangan mo ng interpreter, mangyaring tawagan ang Translating and Interpreting Service sa **131 450** at hilingin ang National Customer Service Line sa **1800 805 260**, o bisitahin ang www.tisnational.gov.au.

Kung ikaw ay bingi, o may kapansanan sa pandinig o pananalita, maaari mong gamitin ang National Relay Service. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.infrastructure.gov.au/national-relay-service.

